

# Pagsasanay sa Filipino

© 2013 Pia Noche, [www.samutsamot.wordpress.com](http://www.samutsamot.wordpress.com)

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka  $\frac{\quad}{20}$

## Pagkilala sa pang-ukol

*Panuto:* Ikahon ang lahat ng pang-ukol sa bawat pangungusap.

1. Ang aralin natin ngayon ay tungkol kay José Rizal.
2. May naaalala ba kayo hinggil sa buhay ng ating bayani?
3. Si José Rizal ay ipinanganak sa Calamba, Laguna noong Hunyo 19, 1861.
4. Ang palayaw ni José Rizal ay Pepe.
5. Siya ang pambansang bayani ng Pilipinas.
6. Siya ang pampitong anak nina Francisco Mercado Rizal at Teodora Alonzo y Quintos.
7. Si Teodora ay may mga katangian ng isang huwarang ina.
8. Sina Saturnina, Paciano, Narcissa, Olimpia, Lucia, Maria, Concepcion, Josefa, Trinidad at Soledad ang mga kapatid ni José.
9. Ipinadala si José Rizal sa Biñan, Laguna upang mag-aral.
10. Natanggap niya ang kanyang Batsilyer sa Sining mula sa Ateneo Municipal de Manila.
11. Natapos niya ang kursong Medisina sa Universidad Central de Madrid sa Espanya.
12. Ang *Noli Me Tángere* ay ukol sa pag-aabuso ng mga paring Espanyol.
13. Si Josephine Bracken ay naging mahalagang bahagi ng buhay ni José Rizal.
14. Si José Rizal ay tinuturing isang repormista para sa isang malayang lipunan.
15. Ikinulong siya sa Fort Bonifacio.
16. Ang pagmamahal niya sa Pilipinas at sa mga Pilipino ay kanyang ipinakita sa tulang *Ultimo Adios*.
17. Binaril si José Rizal sa Bagumbayan, Maynila.
18. Inialay niya ang kanyang buhay para sa Pilipinas.
19. Ayon kay José Rizal, ang kabataan ay ang pag-asa ng ating bayan.
20. Ano ang magagawa mo para sa kabutihan ng ating bansa?

